Sa Mga Bahay

TORONTO RECYCLES

Sige!

Paghaluin ang magkakaibang materyales na nire-recycle.

Ito'y bago! Di na kailangan ang pagbubukod ng magkakaibang materyales. May mga pasilidad na ang Lungsod ng Toronto na may teknolohiyang naghihiwalay at nagpoproseso ng mga nire-recycle. Ibig sabihin ay maaari nang paghaluin ang mga sisidlan at mga produktong gawa sa papel. Narito ang ilang mga bagay na maaaring ilagay sa alinman sa dalawang kahon ng basura:

Plastik na garapon, lalagyan at takip ng pagkain. Banlawan para maalis ang mga latak.

Plastik na mga botelya at pitsel. Banlawan para maalis ang mga latak.

Karton ng gatas at juice. Banlawan para maalis ang mga latak.

Mga lata ng pintura at aerosol spray na walang laman. Alisin at itapon ang mga takip nito.

Mga latang metal. Banlawan para maalis ang mga latak. Ilagay ang takip sa loob ng lata at yupiin ang lata.

Mga babasaging botelya at garapon. Banlawan para maalis ang mga latak. Alisin at itapon ang mga takip nito.

Matitigas na aluminyong tray at plato ng pie. Banlawan para maalis ang mga latak.

Kahon ng mga inumin. Alisin at itapon ang mga straw.

Mga papel sa bahay. Kasama na rito ang junk mail, papel na sulatan, papel ng computer, mga polyeto at envelope.

Mga papel na pambalot ng regalo at mga card. Alisin ang mga ribbon, sintas, atbp.

Mga karton ng itlog, bag at rolyong papel.

Mga kahong gawa sa karton tulad ng cardboard, lalagyan ng cereal, tissue at sabong panlaba.

Mga dyaryo at direktoryo ng telepono.

Mga magasin, katalogo at libro.

Corrugated cardboard. Malinis, walang wax at pinipi. Itali at pagbugkusin. Ang bugkos na ito'y di dapat lumampas sa sukat na 60 x 60 x 30 cm (2' x 2' x 1').

Ang mga bagay na wala sa kahong pang-recycle o sa isang bag ay dapat na nakabugkos (mangyari lang po na huwag gumamit ng wire).

Huwag mag-recycle

babasagin: basong inuman, mga plato, tasa, kristal, bintana, bumbilya, salamin, mga palayok, paso at kawali o kaserola, garapon ng mga pampaganda (make-up jars)

plastik: laruan, sisidlan ng mga pampaganda, caulking tubes, tasa at platong gawa sa foam (polystyrene o Styrofoam), sisidlan ng motor oil, mga bag, lalagyan ng pagkaing takeout at mga lalagyan o may hugis na tray ng tinapay, cake at iba pang galling sa panaderya

metal: hanger ng coat, mga kawali at baterya

aluminyo: foil na pambalot at mga bag (tulad ng sa potato chips)

mga fiber: tissue, wax paper, foil na pambalot ng regalo, wax na cardboard

www.toronto.ca/recycle • 416.338.2010